Republic of the Philippines
PHILIPPINE HEALTH INSURANCE CORPORATION
Citystate Centre, 709 Shaw Boulevard, Pasig City
(02) 8441-7442 www.philhealth.gov.ph
PhilHealthOfficial teamphilhealth

	TAMANG SAGOT (TS) **Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**	
	Circular No.	**2025-0015**
	Title	**Lifting the Single Period of Confinement Rule (SPC Rule) For All Case Rate Claims (ACR Claims) *(Revision 1)***

Tanong	Sagot
1. Ano ang batayan at sakop ng polisiyang ito?	Ayon sa Republic Act 11223 o Universal Health Care Law, lahat ng Pilipino ay mabibigyang access sa dekalidad at abot kayang serbisyong pangkalusugan nang walang pangamba sa gastusin. Naglabas ang PhilHealth Board ng PBR No. 2996, s. 2025 na nagpapalawak sa saklaw ng inalis na SPC Rule upang isama ang mga denied claims na may pending administrative protest sa PhilHealth Regional Office Claims Review Committees (PRO-CRCs) o apela sa Protests and Appeals Review Department (PARD), para sa mga muling na-admit simula Pebrero 20, 2019. Kung ang mga claim ay na deny lamang dahil sa SPC Rule, aalisin ang nasabing limitasyon at ang mga ito ay ipoproseso alinsunod sa standard benefit guidelines.
2. Ano ang mangyayari sa mga claims na hindi pa o hindi na naisumite sa PRO CRC o sa PARD?	Ang mga claims na hindi na naisumite sa PRO-CRC o sa PARD ay hindi sakop ng patakarang ito. Tanging ang mga denied claims lamang na naka pending pa ang protesta o apela sa PRO-CRC o PARD at nananatiling hindi pa nareresolba sa bisa ng circular na ito ang muling susuriin at ipoproseso alinsunod sa itinakdang mga alituntunin.
3. Paano naman ang mga claims na direktang isinumete ng miyembro?	Para sa claims na direktang isinumete ng mga miyembro, hindi na kailangan ng Quitclaim, Release, and Waiver. Ang PhilHealth Regional Office Benefit Administration Section (PRO-BAS) ay magpapatuloy sa pagbabayad ng claim kung ang isinumiteng mga dokumento o requirements ay valid at kumpleto.
4. Ano ang requirement para sa health care providers na may apektadong claims?	Ayon sa PhilHealth Board Resolution No. 2996, s. 2025, ang health care providers ay kailangang magsumite ng Quitclaim, Release, and Waiver (Annex A Form) bago maproseso ang pagbabayad ng kanilang claims.

5. Ano ang mangyayari kung hindi magsumite ng Quitclaim, Release, and Waiver ang health care provider?	Kung hindi makapagsusumite ang isang health care provider, ang mga apektadong claim ay hindi maaaring iproseso o bayaran.